

Ang Iyong Pagbabakuna laban sa COVID-19

sa Northland at Auckland



Madaliang gabay

Lakas sa dami

May sapat na mga dosis ng bakunang Pfizer para sa lahat na 16 na taong gulang pataas sa Aotearoa.


Ang lakas ng anumang bakuna ay nasa dami. Kung mas marami tayo na magpapabakuna, magiging mas malakas at mas ligtas tayong lahat.

Karagdagang lakas. Karagdagang kalayaan.
Karagdagang mga mapagpipilian.



Ang booklet na ito ay magbibigay sa iyo ng mga pangunahing impormasyon tungkol sa iyong pagbabakunang Pfizer laban sa COVID-19.

Ang impormasyong taglay sa booklet na ito ay dagdag pa sa tatanggapin mo mula sa Ministri ng Kalusugan.



"Ang bakunang Pfizer-BioNTech ay naibigay na sa milyun-milyong tao sa mundo at may mabubuting resulta."

— Dr Nikki Turner *Direktor, Immunisation Advisory Centre*

Pagkuha ng iyong pagbabakuna



Magsasagawa kami ng pangkalusugang pagsusuri sa iyo



Hihilingan kang lumagda sa form ng pagsang-ayon sa pagbabakuna. *Ito ang oras na maaari kang magtanong ng kahit ano*



Babakunahan ka na sa iyong braso ng manggagawa ng pangkalusugang pangangalaga



Ikaw ay susubaybayan nang 20 minuto sakaling magkaroon ka ng anumang kagyat na mga side effect



Kapag sinabi namin na okey ka na, maaari ka nang umalis at ipagpatuloy ang iyong araw

Matapos kang mabakunahan



Tatanggap ka ng anyaya para sa iyong ikalawang dosis ng bakuna nang di-kukulangin sa 21 araw matapos kang mabakunahan ng unang dosis



Upang maging lubos na mabisa ang bakuna, dapat kang magpabakuna ng ikalawang dosis



Ang lubos na proteksyon laban sa COVID-19 ay mangyayari mga 7 araw makaraan ang iyong ikalawang dosis ng bakuna



Kung ikaw ay may patuloy na mga side effect, makipag-usap sa doktor ng inyong pamilya o tumawag sa **Healthline - 0800 358 5453**

Mga paalalang pangkalusugan tungkol sa COVID-19

Magsuot ng mask sa lahat ng mga pampublikong sasakyan



Gamitin ang NZ COVID Tracer app upang mag-sign in sa mga lokasyon; i-on ang Bluetooth



Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit



Kung ikaw ay may mga sintomas ng COVID-19, magpasuri



Punasan ang lahat na madalas gamiting ibabaw ng mga bagay



Maghugas o mag-sanitise ng iyong mga kamay



Takpan ang mga pag-ubo at pagbahing



Mga side effect

Gaya ng anumang bakuna, ikaw ay maaaring dumanas ng mga side effect. Mahalagang malaman na hindi ito nangangahulugan na ikaw ay may COVID-19. Ibig sabihin, pinapalakas ng iyong katawan ang iyong proteksyon laban sa COVID-19. Kung hindi mo tiyak ang tungkol sa iyong mga sintomas, o kung lumalala ang mga ito, makipag-usap sa iyong GP o tawagan ang Healthline sa 0800 358 5453.

Ano ang maaari mong maramdaman	Ano ang makatutulong?	Kailan ito maaaring magsimula
Ang pinakakaraniwang iniulat na mga reaksiyon ay pananakit sa bandang ininiksyunan, sakit ng ulo at pagkapagod.	Maglagay ng isang malamig at basang panapal o ice pack sa bandang ininiksyunan. Iwan itong nakatapal nang sandali lamang. Huwag kuskusin o masahihin ang bandang ininiksyunan.	Sa loob ng 6-24 na oras.
Ang pananakit ng kalamnan, masamang pakiramdam, panginigiki, lagnat, pananakit ng kasukasan, at pagkaliyo ay maaari ring mangyari (bagama't karamihan ay nangyayari makaraan ang ikalawang dosis).*	Magpahinga at uminom ng maraming tubig at iba pa. Maaaring uminom ng paracetamol o ibuprofen, sundin ang mga tagubilin ng gumawa. Humingi ng payo mula sa iyong propesyonal ng kalusugan kung lumala ang iyong mga sintomas.	Sa loob ng 6-48 oras.

* Ang mga sintomas na ito ay maaaring hindi kaugnay sa bakuna at maaaring mga palatandaan ng di-kaugnay na karamdaman. Humingi ng payong-medikal kung ikaw ay nag-aalala.

Mga Pfizer FAQs (Mga Madalas Itanong)

Wala bang bayad ang pagbabakuna?

Oo. Lahat ay mababakunahan nang walang bayad.

Sino ang maaaring bakunahan?

Lahat ng tao sa New Zealand ay maaaring bakunahan kung sila ay 16 na taong gulang pataas. Kung ikaw ay may malubhang mga kalagayang-medikal, mangyaring magtanong muna sa doktor ng inyong pamilya. Gayunpaman, sa bawat phase (yugto) ng pagbibigay ng bakuna, ilang mga grupo ang babakunahan sa iba't ibang panahon.

Paano ang aking mga anak na wala pang 16 na taong gulang?

Ang mga tao na wala pang 16 na taong gulang ay hindi kasali sa ngayon. Kakaunti ang makukuhang mga datos para sa grupo ng edad na ito dahil sila ay hindi lumahok sa mga klinikal na pagsubok (clinical trials).

Maaari ba akong bakunahan kung ako ay nagkasakit na ng COVID-19?

Oo. Gayunpaman, kung ikaw ay kasalukuyang may malubhang mga isyu sa kalusugan sanhi ng COVID-19, maaaring ikaw ay hindi pa sapat na magaling upang bakunahan. Kung hindi mo tiyak, mangyaring itanong sa doktor ng inyong pamilya.

Ligtas bang gamitin ang bakuna?

Ang bakunang Pfizer ay nagdaan sa maraming buwan ng napakahigpit na pagsusuring klinikal at siyentipiko, at mga pagtasa, sa ibang bansa at sa New Zealand. Milyun-milyong mga tao sa mundo na may iba't ibang edad, kasarian at lahi ang nabakunahan na nang matagumpay. Ang bakuna ay napag-alamang ligtas gamitin.

Ang bakuna ba ay buhay/may taglay bang virus ang bakuna?

Hindi. Walang virus na iniiniksyon sa loob ng iyong katawan; hindi ka magkakaroon ng COVID-19 mula sa bakuna. Ibinubunsod ng bakuna ang memorya ng naturalesa (immune system) sa pamamagitan ng pagpapalakas nito.

Mabisa ba ang bakuna laban sa strain (anyo) ng COVID-19 mula sa UK at South Africa?

Oo. Ipinapakita ng ebidensya na ang bakunang Pfizer ay nagbibigay sa iyo ng kaunting proteksyon laban sa dalawang strain.

Maaari ba akong magpabakuna laban sa MMR (tigdas, beke, at rubella) at laban sa trangkaso (influenza) bago o makaraan akong bakunahan laban sa COVID-19?

Ipinapayo na kung nais mong magpabakuna ng MMR bago ka bakunahan ng Pfizer, o makaraan ang iyong ikalawang dosis, dapat kang maglaan ng 4 na linggo. Para sa pagbabakuna laban sa trangkaso (flu), ito'y 2 linggo. Kung nais mong magpabakuna ng iba pa matapos kang

mabakunahan ng Pfizer, kailangan mong gawin ito 2 linggo makaraan ang iyong ikalawang dosis. Mangyaring magtanong sa doktor ng inyong pamilya o iba pang propesyonal ng kalusugan bago ang anumang pagbabakuna.

Maaari ba akong dumalo sa mga kaganapan (halimbawa, mga pagtitipon ng pamilya, mga serbisyo sa simbahan, mga isport) kapag nabakunahan na ako?

Oo. Maaari kang dumalo sa anumang malalaking kaganapan depende sa mga pambansang COVID-19 alert level.



Ang NZ ay nasa mapalad na kalagayan na hindi minamadali ang pagbibigay ng bakuna dahil sa napakalaking pagsisikap ng lahat na tumulong alisin sa komunidad ang COVID-19.

Ang iyong mga appointment para sa COVID-19

Mahalagang asikasuhin mo ang iyong mga appointment sa pagbabakuna. Tandaan ang mga sumusunod:



- 1 Isang panimulang email ang ipadadala upang gawin ang appointment para sa iyong mga pagbabakuna.
- 2 Ikaw ay padadalhan ng paalalang email at mensaheng text para sa iyong mga pagbabakuna bago ang araw na bibigyan ka ng mga ito. *(Tandaan: kakailanganin mo ng dalawang dosis upang lubusang maprotektahan).*
- 3 Kung kailangan mong baguhin ang petsa, oras o lokasyon para sa iyong pagbabakuna, magagawa mo ito sa pamamagitan ng Vaccination Booking System o pagtawag sa 0800 28 29 26 (Auckland) o 0800 237 829 (Northland)
- 4 Ikaw ay tatanggap ng email at mensaheng text upang kumpirmahin ang anumang mga pagbabago na iyong gagawin.
- 5 Dumalo sa iyong mga appointment sa pagbabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon:

Tawagan ang Vaccination Helpline:

Auckland - 0800 28 29 26

Northland - 0800 237 829


Makipag-usap sa doktor ng inyong pamilya

Bumisita sa:

immunisation.northernregion.health.nz



Kapag tayo ay
nagpabakuna, tumutulong
tayong protektahan
tayong lahat.



*Magkakasama nating patuloy
na protektahan ang Aotearoa*